Pamulingan KCAST Journal of Natural and Cultural Sciences
Volume 1, Issue 1 (2025)
ISSN: 3082-6438

# ANTAS NG AKADEMIKONG PAGGANYAK AT KAKAYAHAN SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO NG MGA *PRE-SERVICE TEACHERS* NA KUMUKUHA NG KURSONG EDUKASYON SA KCAST

**Kenneth Pregura Cristal**
Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology
kenkencristal.1113@gmail.com

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay may layuning siyasatin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teacher* na nagtuturo ng asignaturang Filipino at kumukuha ng kursong edukasyon sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* (KCAST). Upang makamit ang layuning ito, ginamit ng mga mananaliksik ang non-eksperimental—kwantitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamaraang deskriptibong korelasyunal. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo ng limampu't anim (56) na *pre-service teachers* mula sa kursong *Bachelor of Elementary Education – Generalist* at *Bachelor of Secondary Education Major in Filipino*. Ayon sa resulta ng pananaliksik, ang antas ng akademikong pagganyak ay may mataas na resulta. Para naman sa kakayahan sa pagtuturo, nakakuha rin ito ng mataas na resulta. Bilang kabuuan, makikitang mula sa mga datos na may mataas, positibo, at makabuluhang ugnayan ang antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo. Samakatuwid, nangangahulugan ito na ang null hypothesis ng pag-aaral ay hindi tinanggap sapagkat malinaw na ang dalawang baryabol ng pananaliksik na ito ay may makabuluhang ugnayan.

***Mga Susing Salita:*** akademikong pagganyak, deskriptibo, kwantitatib, kakayahan sa pagtuturo, pre-service teachers

## INTRODUKSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglalahad ng kaugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Maraming *pre-service teachers*, sa kabila ng mahusay na pagkatuto ng wikang Filipino, ang nahihirapang ituro ito. Napag-alaman din na may ilan sa kanila ang nakararanas ng suliranin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, kahit ito ay kanilang pinag-aralan nang mabuti. Dahil dito, ang akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ay mahalagang mga salik sa tagumpay ng mga guro at mag-aaral.

Batay sa isang pag-aaral sa Turkey, lumitaw na ang biglaang pagbabago mula sa tradisyunal na kapaligiran ng pag-aaral patungo sa mga modelong onlayn na edukasyon bunsod ng pandemya ng *COVID-19* ay nagdulot ng mga bagong teknolohikal na hamon sa mga *pre-service teachers*. Nadagdagan ang kanilang mga gawain, dahilan upang magkaroon sila ng higit pang negatibong karanasan. Sa prosesong ito, lumitaw ang maraming tungkulin na nangangailangan ng oras at tiyaga mula sa mga mag-aaral bilang karagdagan sa kanilang mga inaasahang propesyonal na aplikasyon at kasanayan. Dahil dito, ang kakayahan, kasanayan, at motibasyon ng mga *pre-*

*service teachers* ay naging mahalagang salik sa pagharap sa mga bagong hamong ito (Arslantaş, 2021).

Samantala, sa isang pananaliksik na isinagawa sa Samar State University sa Catbalogan City, natuklasan ng mga mananaliksik na may negatibong komentaryo mula sa mga *cooperating teacher* o katuwang na guro ng iba't ibang paaralan kung saan itinalaga ang mga *pre-service teachers* ng unibersidad noong ikalawang semestre ng nakaraang taon. Ayon sa ilang katuwang na guro, may mga *pre-service teachers* na madalas na nahuhuli, hindi gumagawa ng mga materyales sa pagtuturo, hindi maayos na naihahatid ang mga aralin dahil sa kakulangan sa paghahanda, at may ilan ding huli mag-*log in* ngunit maagang nagla-*log out*. Sa isa sa mga mataas na paaralan, dalawang guro sa pagsasanay ang nakatanggap ng napakababang marka mula sa isang katuwang na guro dahil sa hindi magandang pagganap sa kanilang aktibidad sa pagtuturo (Lopez & Irene, 2017).

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay maaaring magsilbing gabay para sa mga pagsisikap at pag-aaral sa hinaharap. Dahil ito ay isang mahalagang usapin na nangangailangan ng agarang tugon, kinakailangang masusing suriin ang antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* sa ikaapat na taon na kumukuha ng kursong edukasyon sa KCAST. Sa ganitong konteksto, layunin ng pananaliksik na ito na magbigay ng pundasyon sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga salik na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng kanilang kahandaan sa pagtuturo.

Bagaman may ilang pag-aaral na tumalakay sa akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers*, wala pang lokal na pananaliksik na nakatuon sa kanilang antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa KCAST. Halimbawa, sa pananaliksik ni Parvizy (2019), sinuri ang akademikong pagganyak ng mga mag-aaral sa kursong *nursing* gamit ang kwalitatibong pamamaraan, ngunit hindi ito nagtuon sa ugnayan ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers*.

Sa pag-aaral naman nina Ferrer at Martinez (2020), tinalakay ang epekto ng akademikong pagganyak sa sosyal at sikolohikal na kakayahan ng mga mag-aaral, ngunit hindi nito isinama ang antas ng kakayahan sa pagtuturo. Samantala, sa pananaliksik nina Lawrence at Hanitha (2017), sinuri ang kaugnayan ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo, ngunit mas nagtuon ito sa estratehiyang motibasyon at katuparang akademiko ng mga mag-aaral sa sekondarya.

Mahalaga ang pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* sa ikaapat na taon na dalubhasa sa Filipino sa pagkamit ng *Sustainable Development Goal 4: Quality Education*, na naglalayong magbigay ng inklusibo at patas na edukasyon para sa lahat. Sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST), ang mga *pre-service teachers* ay hinuhubog upang maging epektibo at may inspirasyong mga guro. Sa pamamagitan ng pagtutok sa Filipino bilang isang asignatura, hindi lamang nila pinangangalagaan ang wika at kultura ng bansa, kundi tumutulong din sila sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral, na maaaring mag-ambag sa isang mas maunlad at napapanatiling lipunan.

Dahil dito, nakikitang mahalaga ang pananaliksik na ito upang matukoy ang ugnayan ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers*. Ang resulta nito ay maaaring makatulong sa pagpapabuti ng kanilang paghahanda sa hinaharap at magbigay ng mahalagang impormasyon para sa mga programang pang-edukasyon na magpapalakas sa kanilang kakayahan bilang mga guro.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay alamin kung mayroon bang tiyak na ugnayan sa pagitan ng mga antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo sa asignaturang Filipino ng mga *pre-service teachers* na nasa ikaapat na taon na kumukuha ng kursong edukasyon sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.* Pinagsikapang sagutin ng mga mananaliksik ang sumusunod na mga katanungan:

1. Alamin ang antas ng akademikong pagganyak sa pagtuturo sa asignaturang Filipino ng mga *pre-service teachers* batay sa:
   1.1 kaalaman;
   1.2 katuparan;
   1.3 pagpapasigla;
   1.4 tinutukoy na regulasyon;
   1.5 pangloob na regualsyon;
   1.6 panglabas na regulasyon; at
   1.7 amotibasyon.
2. Alamin ang antas ng kakayahan sa pagtuturo sa asignaturang Filipino ng mga *pre-service teachers* batay sa:
   2.1 pagpapalano;
   2.2 pagpapaunlad; at
   2.3 resulta.
3. Alamin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga *pre-service teachers*.

**Buod ng mga Kaugnay na mga Literatura**

Ang akademikong pagganyak ay itinuturing na isang mahalagang salik sa pag-aaral at pag-unlad ng mga *pre-service teachers*. Sa konteksto ng *Self-Determination Theory* nina Ryan at Deci (2000), ang pagganyak ay nahahati sa dalawang dimensyon: awtonomiyang motibasyon (intrinsik) at kontroladong motibasyon (extrinsik). Ang intrinsikong motibasyon ay may kaugnayan sa kasiyahan sa aktibidad mismo, habang ang extrinsikong motibasyon ay nakatuon sa panlabas na gantimpala o resulta (Kula, 2022). Bukod dito, ang amotibasyon ay tumutukoy sa kawalan ng pagganyak, na nagiging hadlang sa pagkatuto (Utvær & Haugan, 2019).

Ang akademikong pagganyak ay sinusukat gamit ang anim na indikeytor: kaalaman (Van Driel & Berry, 2020), katuparan (Renemann, 2018), pagpapasigla (Rowell & Hong, 2019), tinutukoy na regulasyon (Ryan & Deci, 2000), pangloob na regulasyon (Fields, 2021), at panglabas na regulasyon (Koca, 2019). Ang mga aspektong ito ay nag-aambag sa mas mataas na antas ng tagumpay at kagalingan ng mga mag-aaral.

Sa larangan ng kakayahan sa pagtuturo, ang mga *pre-service teachers* ay gumagamit ng iba't ibang kasanayan tulad ng pagpaplano (Kaufman, 2021), pagpapaunlad (Moreno-Murcia et al., 2019), at pagsusuri ng resulta (Weitzel & Blank, 2019). Ang epektibong pagpaplano at pagpapaunlad ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng propesyonalismo at pagkatuto, habang ang pagsusuri sa resulta ay mahalaga upang matiyak ang tagumpay ng mga inilatag na layunin.

Ang pagtuon sa edukasyon at pagsasanay ay hindi lamang nagpapabuti ng teknikal na kasanayan kundi pati na rin ng interpersonal na kakayahan, na humahantong sa mas malaking tagumpay sa propesyonal na buhay (Larsen & Puck, 2020). Sa kabuuan, ang malalim na pag-unawa

sa akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ay mahalaga para sa epektibong paghubog ng mga *pre-service teachers.*

## Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa mga sumusunod: *Self - Determination Theory (SDT)* nina Ryan at Deci (1985); *Expectation Theory* ni Vroom (1969); *Scaffolding Learning Theory* ni Walqui (2006); at *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1978). Ang mga teoryang ito ay nagpapahiwatig sa ideya na mayroong tiyak na ugnayan ang mga kahusayang pangkomunikatibo sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

# METODO

## Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyunal na disenyo upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* sa asignaturang Filipino. Sa deskriptibong bahagi, inilalarawan ang kasalukuyang antas ng dalawang baryabol batay sa pagtataya ng mga kalahok, habang sa korelasyunal na bahagi, sinusuri kung may makabuluhang ugnayan ang mga ito. Ginamit ang paraang ito upang masuri ang datos nang hindi binabago o minamanipula ang anumang salik sa kapaligiran ng mga kalahok.

Upang makuha ang kinakailangang impormasyon, gumamit ang mga mananaliksik ng isang sarbey na naglalaman ng mga itinakdang pamantayan sa pagsusuri ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo. Ang nakalap na datos ay sumailalim sa pagsusuring istatistikal upang matukoy ang antas ng bawat baryabol at ang kaugnayan nito sa isa't isa, na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng paghahanda ng mga *pre-service teachers* sa kanilang propesyon.

## Lokasyon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST), isang pangunahing institusyon sa Bayan ng Kapalong, Davao del Norte. Matatagpuan ito sa Barangay Maniki, isa sa 14 na barangay ng bayan, at kilala sa pagsusulong ng *inclusive education*. Ang KCAST ay nag-aalok ng anim na programa—*teacher education, criminology, business administration, office administration, public administration,* at *agriculture*—na libre sa ilalim ng *Republic Act No.* 10931 o *Universal Access to Quality Tertiary Education Act*. Bilang isang kinikilalang institusyon ng *Association of Local Colleges and Universities Commission on Accreditation* (ALCUCOA), patuloy nitong tinutugunan ang pangangailangan sa mataas na kalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral sa rehiyon sa pamamagitan ng regular na pagpapalawig ng *accreditation* sa mga programang iniaalok nito sa mga mag-aaral.

## Populasyon at Sampol

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga *pre-service teachers* mula sa *BSED Filipino 4A* at *BEED-Generalist 4A* na naka-enroll sa ikalawang semestre ng A.Y. 2022-2023 sa KCAST. Pinili ang mga kalahok gamit ang random sampling, isang metodo na tinukoy nina Levy at Lemeshow (2013) bilang isang paraan upang pumili ng subset ng mga indibidwal na randomang kakatawan sa

buong populasyon. Mula sa kabuuang 204 mag-aaral, 135 *pre-service teachers* ang pinili bilang respondente gamit ang *Slovin's formula* upang matiyak ang sapat at representatibong sampol. Ang pagpili sa kanila ay nakabatay sa kanilang aktwal na karanasan sa akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na isang mahalagang aspekto sa kanilang pagsasanay bilang mga guro.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ginamit ng mananaliksik ang mga talatanungang mula sa pinagbatayang pag-aaral nina Utvaer at Haugan (2016) na tuwirang tumutukoy sa malayang baryabol na naaangkop sa paksa ng pag-aaral. Sinuri ng unang talatanungan ang antas ng akademikong pagganyak ng mga *pre-service teachers* na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga sumusunod na indikeytor: kaalaman, katuparan, pagpapasigla, tinutukoy na regulasyon, introjected na regulasyon, extrinsic na regulasyon at amotibasyon. Ang pangalawang hanay ng mga katanungan naman ay nakatuon sa kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Nakabatay ito sa pag-aaral nina Moreno-Murcia et al. (2015) na tuwirang tumutukoy sa kakayahan sa pagtuturo sa mga sumusunod na indikeytor: pagpaplano, pagpapaulad, at resulta. Ang mga talatanungang ginamit ay sumailalim muna sa masusing balidasyon mula sa lupon ng mga eksperto.

**Pagkolekta ng Datos**

Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang: Una ay ang pagbuo ng talatanungan. Hinanap ng mananaliksik ang mga talatanungang pinagbatayan mula sa mga artikulong dyornal at kaugnay na pananaliksik sa *internet* na tiyakang maiuugnay sa dalawang baryabol.

Pangalawa ay ang rebisyon at balidasyon ng mga talatanungan. Matapos nabuo ang mga talatanungang ginamit, isinumite ito sa lupon ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa tungo sa pag-aaral ang mga aytem ng nasabing talatanungan. Sinunod ng mananaliksik ang payo ng mga eksperto sa pagrerebisa hanggang sa ito ay maaprubahang gamitin.

Pangatlo ay ang paghingi ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral. Humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot sa KCAST *College President* sa pamamagitan ng isang pormal na liham. Pagkatapos, maingat nang isinagawa ang pagkolekta ng datos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na iminumungkahi ng *COVID-19 Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases Resolutions* o IATF sa pag-iwas sa *COVID-19*.

**Buod ng Etikal na Konsiderasyon ng Pag-aaral**

Ang etikal na konsiderasyon ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa tatlong pangunahing aspekto batay sa mga pamantayang itinatag nina Denzin at Lincoln (2011): paghingi ng pahintulot, pagpapanatili ng kompidensyalidad at *anonymity*, at pag-iwas sa salungatan ng interes. Ang mga kalahok ay kailangang mabigyan ng sapat na impormasyon tungkol sa layunin, proseso, at posibleng resulta ng pag-aaral. Mahalaga ring magbigay sila ng tahasang pahintulot na maging bahagi ng pananaliksik, na may karapatan silang tumanggi o umatras anumang oras nang walang anumang obligasyon. Halimbawa, kung gagamit ng *online forms*, magbibigay ang mananaliksik ng detalyado at malinaw na liham-pahintulot upang tiyakin ang kaalaman ng mga kalahok sa kasunduan.

Upang mapanatili ang kompidensyalidad at *anonymity,* sisiguraduhin ng mananaliksik na protektado ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. Walang personal na impormasyon tulad ng pangalan, telepono, o *email* ang kokolektahin, at ang mga datos ay itatago nang maayos at sisirain tatlong taon matapos ang pag-aaral upang mapanatili ang *privacy* ng mga kalahok. Bukod dito, ang mga sensitibong impormasyon ay hindi ibabahagi sa hindi awtorisadong mga indibidwal upang maiwasan ang anumang panganib na maaaring makaapekto sa mga kalahok.

Sa aspekto naman ng salungatan ng interes, kailangang iwasan ng mananaliksik ang anumang kilos o preperensya na maaaring magdulot ng *bias* sa resulta ng pag-aaral. Anumang ugnayan o kondisyon na maaaring magpahina sa integridad ng pananaliksik ay dapat malinaw na ilahad at solusyunan. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, walang salungatan ng interes ang mananaliksik, at sinisigurado na ang lahat ng kalahok ay boluntaryong sumali nang walang sapilitan o anumang uri ng manipulasyon o panlilinlang. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay isinagawa nang may pagtalima sa mataas na pamantayang etikal upang mapanatili ang proteksyon, integridad, at kredibilidad ng pananaliksik.

## MGA RESULTA AT DISKUSYON

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng akademikong pagganyak ng mga *pre-service teachers* na may pangkalahatang mean na 4.02, na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ipinahihiwatig nito na madalas na naipapakita ng mga *pre-service teachers* ang kanilang kaalaman, katuparan, pagpapasigla, tinutukoy na regulasyon, pangloob na regulasyon, at amotibasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Gayunpaman, ipinakikita rin ng datos na bagamat may mataas na antas ng pagganyak, hindi pa ganap na handa ang mga *pre-service teachers* sa kanilang tatahaking landas bilang mga guro.

Batay sa resulta, ang dalawang indikeytor na may pinakamataas na *mean* ay ang tinutukoy na regulasyon at pangloob na regulasyon, na kapwa nakakuha ng *mean* na 4.24, na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas na naipapakita ng mga *pre-service teachers* ang kanilang *self-regulation* sa pag-aaral at pagiging guro, na sinusuportahan ng pag-aaral nina Deci at Ryan (1985) sa kanilang *Self-Determination Theory* (SDT). Ayon sa kanila, ang isang indibidwal na may mataas na *autonomous motivation* ay mas may kakayahang panatilihin ang kanyang interes at pagganap sa isang gawain.

Samantala, ang pagpapasigla ay may *mean* na 4.23, na nagpapakita na ang mga *pre-service teachers* ay madalas na aktibo at masigasig sa kanilang akademikong gawain. Ayon kay Schunk et al. (2014), ang *intrinsic motivation* ay may mahalagang papel sa kahusayan ng mga guro, dahil ito ay nauugnay sa mas mataas na antas ng *self-efficacy* at pagtanggap ng mga hamon sa pagtuturo.

Batay sa mga natuklasang resulta, inirerekomenda na magkaroon ng mga programang makapagpapalakas ng akademikong pagganyak ng mga *pre-service teachers*. Mahalaga ring magkaroon ng *mentorship* at patuloy na pagsasanay upang higit nilang mapalawak ang kanilang kaalaman at kahandaan sa pagtuturo. Bukod dito, ipinapayo na palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral upang masuri kung paano higit pang mapapaunlad ang *self-regulated learning* at *intrinsic motivation* ng mga guro sa hinaharap.

**Talahanayan 1**

*Buod ng Antas ng Akademikong Pagganyak*

| Domeyn | | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| 1. | Kaalaman | 4.15 | Mataas |
| 2. | Katuparan | 4.18 | Mataas |
| 3. | Pagpapasigla | 4.23 | Mataas |
| 4. | Tinutukoy na Regulasyon | 4.24 | Mataas |
| 5. | Pangloob na Regulasyon | 4.24 | Mataas |
| 6. | Panglabas na Regulasyon | 4.11 | Mataas |
| 7. | Amotibasyon | 2.99 | Katamtaman |
| **Kabuuan** | | **4.02** | **Mataas** |

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng kakayahan sa pagtuturo na may pangkalahatang *mean* na 4.19, na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ipinahihiwatig nito na madalas na naipapakita ng mga *pre-service teachers* ang kanilang pagpaplano, pagpapaunlad, at resulta sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Bukod pa rito, ipinakikita ng resulta na ang kanilang kasanayan ay maaaring magkaroon ng positibong ambag sa institusyong kanilang kinabibilangan.

Batay sa datos, ang tinutukoy na regulasyon at pangloob na regulasyon ay may pinakamataas na *mean* na 4.24, na nagpapakita ng kakayahan ng mga *pre-service teachers* na pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto at motibasyon sa pagtuturo. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Pintrich (2004) na nagsasaad na ang *self-regulated learning* ay may mahalagang papel sa akademikong tagumpay ng mga guro.

Ang pagpapasigla ay may *mean* na 4.23 na nagpapakita ng pagiging aktibo at masigasig ng mga *pre-service teachers* sa kanilang pagtuturo. Ayon kay Fredricks et al. (2004), ang pagganyak sa pagtuturo ay may positibong epekto sa *student learning outcomes* at *teacher effectiveness*.

Batay sa mga natuklasang resulta, inirerekomenda ang pagpapatibay ng mga programang susuporta sa akademikong pagganyak ng mga *pre-service teachers*. Mahalaga ring isulong ang *mentorship* at patuloy na pagsasanay upang higit nilang mapalawak ang kanilang kaalaman at kahandaan sa pagtuturo.

Bukod dito, mainam na magkaroon ng mga interbensyong naglalayong pataasin ang intrinsic motivation ng mga guro sa hinaharap. Ayon kay Ryan at Deci (2000), mas epektibo ang long-term motivation kung ito ay nagmumula sa personal na interes kaysa sa panlabas na gantimpala. Gayundin, mahalagang bigyang-pansin ang pagpapalakas ng sosyal na interaksyon at kolaborasyon sa loob ng klase, alinsunod sa pananaw ni Vygotsky (1978) na ang pagkatuto ay mas epektibo sa pamamagitan ng *social interaction* at *scaffolding*.

Sa huli, iminumungkahi rin ang pagpapalawak ng saklaw ng pananaliksik upang masuri kung paano higit pang mapapaunlad ang *self-regulated learning* at *academic engagement* ng mga guro sa hinaharap.

**Talahanayan 2**

*Buod ng Antas ng Kakayahan sa Pagtuturo*

| Domeyn | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Pagpaplano | 4.13 | Mataas |
| 2. Pagpapaunlad | 4.22 | Mataas |
| 3. Resulta | 4.22 | Mataas |
| **Kabuuan** | **4.19** | **Mataas** |

Sumunod din ang pag-uugali na may *mean* na 4.48 na inilalarawan bilang napakataas. Ibig sabihin, ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay laging naipapakita ang mabuting pakikitungo sa iba sa paggawa ng mga gawain na binibigay ng guro.

Samantala, ang panghuli na nakakuha ng pinakamababang *mean* kumpara sa lahat ay ang indikeytor na kognitibo na may mean na 4.40 na inilalarawan bilang napakataas. Ito ay nangangahulugan din na ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay laging naipapakita ang kanilang kognitibong pakikilahok kabilang na rito ang pag-unawa ng mabuti sa leksyon sa asignaturang Filipino.

**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Antas ng Akademikong Pagganyak at Kakayahan sa Pagturo**

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang resulta ng pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga *pre-service teachers* na nasa ikaapat na taon sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*.

Batay sa resulta, ang pangkalahatang *mean* ng antas ng akademikong pagganyak ay 4.02, samantalang ang kakayahan sa pagtuturo ay may *mean* na 4.19. Ang pagsusuri ng ugnayan gamit ang *Pearson r correlation* ay nagpakita ng *r-value* na 0.720, na nagpapahiwatig ng isang mataas at positibong relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Bukod dito, ang antas ng *p-value* na .001 ay mas mababa kaysa sa itinakdang *level of significance* na 0.05, kaya pinabulaanan ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers*. Samakatuwid, nangangahulugan ito na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Suportado ito ng pag-aaral ni Pintrich (2004) na binigyang-diin ang kahalagahan ng *self-regulated learning* sa pagiging epektibong guro. Ipinakita sa kanyang pananaliksik na ang mga estudyanteng may *metacognitive awareness* at *self-efficacy* ay mas mahusay sa pagtuturo at *classroom management.*

Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Shulman (1987) na ang *Pedagogical Content Knowledge* (PCK) ay lubos na naapektuhan ng motibasyon at patuloy na pagkatuto ng guro. Ang mga *pre-service teachers* na may mataas na pagganyak ay mas bukas sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, mahalagang bigyang-pansin ang pagpapatibay ng mga programa na makakatulong sa pagtaas ng akademikong pagganyak ng mga *pre-service teachers*. Ang mga institusyong pang-akademiko ay dapat magpatupad ng mga interbensyon tulad

ng *mentorship programs, seminar workshops*, at *experiential learning activities* upang lalong mapaunlad ang kanilang kahandaan sa pagtuturo.

**Talahanayan 3**

*Makabuluhang Ugnayan ng Akademikong Pagganyak at Kakayahan sa Pagtuturo*

| Variables Correlated | Mean | r-value | p-value | Decision $\alpha$=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Akademikong Pagganyak | 4.02 | .720 | .001 | Rejected |
| Kakayahan sa Pagtuturo | 4.19 | | | |

Sa hinaharap, makabubuting magsagawa ng karagdagang pananaliksik upang higit pang maunawaan ang epekto ng iba't ibang *motivational factors* sa pagtuturo at propesyonal na pag-unlad ng mga *pre-service teachers*. Mahalaga ring pag-aralan ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa pagtuturo, gaya ng *teaching environment, instructional support,* at *technological integration* sa pagtuturo ng Filipino.

**Konklusyon**

Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasan na ang mga respondente mula sa *BSEd Filipino* at *BEED-Generalist* na nasa ikaapat na taon sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* (KCAST) ay may mataas na antas ng kaalaman, katuparan, pagpapasigla, tinutukoy na regulasyon, pangloob na regulasyon, panglabas na regulasyon, at amotibasyon bilang mga palatandaan ng antas ng akademikong pagganyak.

Sa pagsusuri ng kanilang kakayahan sa pagtuturo, lumabas na ang kanilang antas ng pagpaplano, pagpapaunlad, at resulta ay may mataas ding marka, na nagpapahiwatig na ang mga *pre-service teachers* ay maingat sa paghahanda at pagsasakatuparan ng kanilang pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Bukod dito, ipinakita rin ng pangkalahatang pagsusuri na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers*. Gayunpaman, napansin na ang mga nasabing sukat ng akademikong pagganyak ay may bahagyang mas mababang *mean* kumpara sa antas ng kakayahan sa pagtuturo. Sa kabila nito, nananatiling makabuluhan ang epekto ng akademikong pagganyak sa kakayahan sa pagtuturo, na tumutugma sa teorya nina Deci at Ryan (1985) o ang *Self-Determination Theory* (SDT), na nagsasaad na ang *intrinsic* at *extrinsic motivation* ay may direktang epekto sa pagganap ng isang indibidwal sa akademikong at propesyonal na larangan.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan din ng pananaliksik nina Schunk at Pajares (2005) na nagpapatunay na ang motibasyon at *self-efficacy* ng isang guro ay may positibong epekto sa kanilang kakayahang magturo at magdisenyo ng epektibong estratehiya sa klase. Dagdag pa rito, ayon kay Ormrod (2008), ang *self-regulated learning* ay isang mahalagang salik sa pagpapalakas ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo, lalo na sa mga larangang nangangailangan ng aktibong partisipasyon at malikhaing estratehiya tulad ng pagtuturo ng wika.

**Rekomendasyon**

Batay sa pag-aaral, lumitaw na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng akademikong pagganyak at kakayahan sa pagtuturo ng mga *pre-service teachers* sa Filipino. Ipinakita ng resulta na ang mataas na antas ng akademikong pagganyak ay may positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagtuturo, na nagpapahiwatig na ang motibasyon ay isang mahalagang salik sa kanilang propesyonal na pag-unlad. Upang mapanatili at higit pang mapalakas ito, inirerekomenda ang paggamit ng *mentorship programs, self-reflection activities*, at inobatibong estratehiya sa pagtuturo tulad ng *collaborative learning* at *technology-integrated instruction.*

Mahalaga rin ang pagbibigay ng karagdagang pagsasanay sa *lesson planning* at pakitang-turo, gayundin ang pagtataguyod ng mas malalim na ugnayan sa *cooperating teachers* at mga mag-aaral. Bukod dito, hinihikayat ang mga *pre-service teachers* na magsagawa ng patuloy na pananaliksik upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagtuturo. Sa pangkalahatan, ang pagpapalakas ng akademikong pagganyak ay isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagtuturo, na makatutulong sa paghahanda ng mas epektibo at mahusay na guro sa hinaharap.

## TALASANGGUNIAN


Arslantaş, S. (2021). *An Investigation of Preservice Teachers' Academic Self Efficacy and Academic Motivation*. Volume 5, Number 1, June 2021, ISSN 2618-6209. Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1308153.pdf

Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2015). Self-Determination. In J. D. Wright (Ed.), *International Encyclopedia of the Social & Behavioral Sciences* (2nd ed., Vol. 21, pp. 637-642). Elsevier. https://doi.org/10.1016/B978-0-08-097086-8.26036-4

Ferrer, M., & Maritinez, J.-E. (2020). Preservice Teachers' Practical Knowledge and Their Sources. *Teaching and Teacher Education, 83*, 53-63. doi:10.1016/j.tate.2019.04.008

Fields, M., (2021) "Should teachers be colorblind? How multicultural and egalitarian beliefs differentially relate to aspects of teachers' professional competence for teaching in diverse classrooms." *Teaching and Teacher Education 48:* 44-55.

Kaufman, Roger. "Take out Some Educational Planning Insurance by Using the Planning Hierarchy: Where You Start Is Important." *Educational Planning 26.2* (2019): 7-12.

Koca, S. S. (2019). *The Predictive Relationship between Pre-Service Teachers' Self-Efficacy Belief, Attitudes towards Teaching Profession and Teaching Motivation*. Kirsehir Ahi Evran University.

Lawrence, K at Hanitha, C. (2017). The role of academic motivation in predicting Pre service EFL teachers' achievement. *Journal of Language and Linguistic Studies, 13*(2), 96-108.

Lopez, Marianne R., and Irene, Skamp. "The impact of teachers and their science teaching on students''science interest': A four-year study." *International Journal of Science Education 35.*17 (2017): 2879-2904.

Moreno-Murcia, Juan, Yolanda Silveira Torregrosa, and Noelia Belando Pedreo. (2015). "Questionnaire evaluating teaching competencies in the university environment. Evaluation of teaching competencies in the university." *Journal of New Approaches in Educational Research (NAER Journal) 4*(1), 54-61.

Ormrod, Rhaseed (2008). "Enriching practical knowledge: Exploring student teachers' competence in integrating theory and practice of mathematics teaching." *Journal for Research in Mathematics Education 46*.5: 559-598.

Puck, Sanghoon & Larsen, James, (2020) *"Building Bridge between Learning and Positive Emotion: How to Apply Emotional Factor in Instructional Designing Process?."* Association for Educational Communications and Technology.

Pintrich, Johnson (2004). "Motivational orientation and burnout among undergraduate college students." *College Student Journal 43*.4: 1238-1253.

Reneman, J. (2018*). Introjected Regulation in Teachers' Professional Development Motivations.* 1021-1034. https://doi.org/10.1080/1354

Rowell, Lonnie and Eunsook Hong. "Academic motivation: Concepts, strategies, and counseling approaches." *Professional School Counseling 16*.3 (2013): 2156759X1701600301.

Shulman, Gland. (1987). How Motivation Influences Student Engagement: A Qualitative Case Study. *Journal of Education and Learning, 1*(2), 252 267. https://doi.org/10.5539/jel.v1n2p252

Schunk, L & Pejares, O., (2005) "Critical change for the greater good: Multicultural perceptions in educational leadership toward social justice and equity." *Educational Administration Quarterly 50*.3: 347-391.

Utvær, Britt Karin Støen, and Gørill Haugan. "The academic motivation scale: dimensionality, reliability, and construct validity among vocational students." *Nordic Journal of Vocational Education and Training 6*.2 (2016): 17 45.

Van Driel & Berry, (2020). How pre-service teachers perceive their 21st-century skills and dispositions: A longitudinal perspective. *Computers in Human Behavior*, in press, 106643. https://doi.org/10.1016/j.chb.2020.106643

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes.* Harvard University Press.

Walqui, A. (2006). Scaffolding instruction for English language learners: A conceptual framework. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism, 9*(2), 159–180. https://doi.org/10.1080/13670050608668639

Weitzel, Holger, and Robert Blank. "Pedagogical Content Knowledge in Peer Dialogues between Pre-Service Biology Teachers in the Planning of Science Lessons. Results of an Intervention Study." *Journal of Science Teacher Education 31*.1 (2020): 75-93.